
2

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Disenyo ng Pag-uulit at Contrast na Nagpapakita ng Ritmo



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Arts 2_ Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts - Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Disenyo ng Pag-uulit at Contrast na Nagpapakita ng Ritmo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Shiela May J. Liwag, Nestle A. Talampas, Louie Jim P. Bugay |
| **Editor:** | Rubilita L. San Pedro |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nancy P. Mabalot, Engelbert B. Agunday |
| **Tagasuri ng Wika:** | Everlyn S. Pascual, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri ng Disenyo at Balangkas:** | Almario Y. Dela Cruz |
| **Tagaguhit:** | Louie Jim P. Bugay |
| **Tagalapat:** | Shiela May J. Liwag, Joel F. Capus, |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Salome P. Manuel, Rubilita L. San Pedro, Melvin S. Lazaro |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St. Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando, (P)
Telefax: (045) 598-8580
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Disenyo ng Paguulit at Contrast na Nagpapakita ng Ritmo

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Kung sa musika ay may ritmo, masasabing sa sining ay mayroon din. Kadalasan, ang mga itinuturing na magagandang bagay sa ating paligid ay yaong nagpapakita ng ritmo.

Nakapaloob sa modyul na ito na tatalakayin ang paksang "Disenyo ng Pag-uulit at Contrast na Nagpapakita ng Ritmo".

Paano nga ba nakalilikha ng ritmo sa isang sining? Paano maipakikita ang contrast sa mga ritmo? Alamin natin.

Pagkatapos mong mabasa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahan na makalikha ng disenyo gamit ang iba't ibang linya, kulay at mga hugis sa pamamagitan ng pag-uulit at contrast na nagpapakita ng ritmo (A2PL-IIf).

## Subukin

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa papel.

1. Ano ang nalilikha sa pamamagitan ng pag-uulit, pagsasalit-salit at pagpaparayos-rayos ng mga linya at hugis sa isang sining?

   A. anyo
   B. contrast
   C. ritmo
   D. tekstura

2. Paano maipakikita ang contrast sa kulay ng isang likhang sining?

   A. Kung ito ay gagamitan ng madidilim na kulay
   B. Kung ito ay gagamitan ng matitingkad na kulay
   C. Kung ito ay gagamitan ng mapupusyaw na kulay
   D. Kung ito ay gagamitan ng mapupusyaw at matitingkad na kulay

3. Kailan masasabi na ang hugis ay may ritmo sa isang likhang sining?

   A. Kung isang hugis lamang ang makikita
   B. Kung ito ay may nauulit na iba't ibang hugis
   C. Kung maraming hugis na magkakaiba ngunit walang nauulit
   D. Kung dalawang magkaibang hugis lamang ang makikita

4. Paano maipakikita ang contrast sa ritmo ng isang sining?
   A. Magkakatulad ng kulay ang mga hugis o linya.
   B. Ang mga hugis at linya ay magkakatulad ng laki.
   C. Magkakaiba ang kulay at laki ng mga hugis o linya.
   D. Magkakaiba ng kulay ngunit magkakatulad ang laki ng mga hugis o linya.

5. Ano ang kahalagahan ng ritmo sa sining?
   A. Nagbibigay-kulay sa isang likhang sining
   B. Nagiging makatotohanan ang bagay na ipinipinta
   C. Nagbibigay-kahulugan sa iba't ibang likhang sining
   D. Nakatutulong upang makalikha ng magandang disenyo

# Aralin 1 Disenyo ng Pag uulit at Contrast na Nagpapakita ng Ritmo

Mahalagang malaman mo ang paggamit ng pag-uulit at contrast na mga linya, kulay at hugis upanglubos mong mapaganda ang likhang sining na iyong isasagawa.

*Mga Tala para sa Guro*

Upang maisagawa ang mga pagsasanay sa modyul na ito, siguraduhin na ang bawat mag-aaral ay may magagamit na papel, krayola o anumang pangkulay.

## *Balikan*

**Panuto:** Sa papel, isulat ang Tama kung wasto ang isinasaad ng pahayag at Mali naman kung hindi.

1. Ang lahat ng hayop ay magkakatulad ng kulay.
2. Ang tekstura ng balat ng manok at aso ay magkaiba.
3. Ang mga hayop ay iginuguhit gamit ang iba't ibang uri ng linya.

4. Ang mga hayop sa ilalim ng dagat ay may iba't ibang hugis, tekstura at kulay.
5. Ang paggamit ng tamang kulay sa balat ng hayop ay hindi mahalaga sa pagpipinta.

## *Tuklasin*

Simulan mo ang pag-aaral sa araling ito sa pamamagitan ng pagbasa ng tula.

### Tahanan, Ating Libutin

Nina Shiela May J. Liwag at Nestle A. Talampas



Utos ng pangulo ay dapat sundin.
Tayo ay manatili sa tahanan natin.
Halina't bawat sulok nito ay libutin.
Iba't ibang palamuti ating mapapansin.



Sa kusina ng tahanan ako ay samahan.
Iba-ibang gulay at prutas ay matatagpuan.
Mapusyaw, matingkad na kulay ay masisilayan.
Ang lahat ng ito'y mabuti sa kalusugan.



Tayo namang pumasok sa ating kuwarto,
Kaysarap magpahinga at matulog dito.
Iba`t ibang hugis ng gamit makikita mo.
Maliliit, malalaki, salit-salit na ayos nito



Halika sa sala, kaakit-akit talaga,
Mayroong radyo, telebisyon, muwebles, at iba pa.
Makikita sa sahig ay paulit-ulit na linya,
Sa kintab nito'y makapagsasalamin kita.



Disenyo sa tahanan kaysarap pagmasdan.
Ang mga linya, kulay at hugis nakaaaliw tingnan.
Lahat ng ito'y nagpapaganda sa tahanan,at
nagpapapagaan ng ating pakiramdam.

Pang-unawa sa Binasa


**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong at isulat ang iyong sagot sa pael.

1. Anong klase ng kulay may roon ang gulay at prutas na nabanggit sa tula?
2. Paano inaayos ang mga gamit sa kuwarto?
3. Paano inilarawan ang sahig?
4. Paano nakalilikha ng disenyo gamit ang linya, hugis at kulay?
5. Bakit mahalaga ang disenyo sa loob ng tahanan?




## *Suriin*


Kung ating pagmamasdang mabuti ang kapaligiran, makikita natin ang ritmo sa maraming bagay. Ang ritmo ay nalilikha sa pamamagitan ng pag-uulit ng sunod-sunod, salit-salit at parayos-rayos ng mga linya at hugis. Ito ay mayroong iba't ibang uri.



Paulit-ulit na ritmo




Salit-salit na ritmo




Parayos na ritmo

Maipakikita rin ang ritmo sa pamamagitan ng pagbabago sa kulay (matingkad at mapusyaw) at pagbabago sa laki (maliit at malaki) na tinatawag na contrast.



Contrast sa mapusyaw
at matingkad na kulay ng dagat



Contrast sa maliliit
at malalaking hugis tatsulok

# *Pagyamanin*

## Pinatnubayang Gawain

Sa pagkakataong ito, tumawag ng isang nakatatanda upang magawa ang gawaing ito.

## Gawain 1

**Panuto:** Sa isang papel, gumuhit ng isang malaking kahon at sa loob nito ay gumuhit ng tatlong malalaki at tatlong maliliit na bagay. Pagsalit-salitin ito upang makabuo ng disenyo na nagpapakita ng contrast sa hugis.

## Tasahin 1

**Panuto:** Pagkatapos maisagawa ang Gawain 1 sa papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Isulat ang tsek ( √ ) kung nagawa ang kasanayan at ekis ( X ) kung hindi.

1. Nagamit ang tamang hugis sa pagguhit ng mga bagay.
2. Naiguhit ang tamang laki ng mga bagay.
3. Napagsalit-salit ng tama ang mga bagay.
4. Nakabuo ng disenyong nagpapakita ng pag kakaiba o contrast sa hugis.
5. Naisagawa nang maayos ang gawain.

## Gawain 2

**Panuto:** Sa isang papel, gumuhit ng isang malaking kahon at sa loob nito ay gumuhit ng tatlong bagay na makikita sa ating kapaligiran. Ayusin ang mga ito sa paraang salit-salit upang makabuo ng disenyo na nagpapakita ng pag-uulit ng tatlong magkakaibang hugis.

## Tasahin 2

**Panuto:** Pagkatapos maisagawa ang Gawain 2 sa papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Lagyan ng hugis puso (♡) kung oo ang iyong sagot at hugis bituin (☆) naman kung hindi.

1. Naiguhit ba nang tama ang hugis ng mga bagay?
2. Naiayos ba nang pasalit-salit ang mga bagay?
3. Nakabuo ba ng disenyong nagpapakita ng pag-uulit ng tatlong magkakaibang hugis?
4. Naiguhit ba nang maayos at walang bura ang iyong gawain?
5. Nakadama ka ba ng kasiyahan sa iyong iginuhit?

## Malayang Pagsasanay

## Gawain 1

**Panuto:** Sa isang papel, gumuhit ng isang bagay na makikita sa loob ng inyong tahanan. Lagyan ito ng disenyo na nagpapakita ng pag-uulit ng hugis. Pagkatapos, kulayan nang salit-salit ng madilim at mapusyaw na kulay upang maipakita ang contrast sa kulay.

## Tasahin 1

**Panuto:** Tingnan ang natapos mong likhang sining. Sa papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Iguhit ang hugisdiyamante (◇) kung naisagawa ang mga gawain at hugis tatsulok (△) naman kung hindi.

1. Nakabuo ng disenyong nagpapakita ng pag-uulit ng mga hugis.
2. Nakabuo ng disenyo na nagpapakita ng contrast sa kulay ng mga hugis.
3. Naiguhit ang tamang hugis ng bagay.
4. Nalagyan ng tamang kulay ang iginuhit.
5. Napagsalit-salit ang matingkad at mapusyaw na kulay.

## Gawain 2

**Panuto:** Sa isang papel, gumuhit ng isang malaking kahon at punuin ang loob nito ng malalaki at maliliit na bituin. Pagkatapos ay pagsalit-salitin ang mga ito. Kulayan ng kulay dilaw ang malalaking bituin at kahel ang maliliit na bituin upang makabuo ng disenyo mula sa pag-uulit at contrast na nagpapakita ng ritmo.

## Tasahin 2

**Panuto:** Tingnan ang natapos mong likhang sining. Sa papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Isulat ang letrang **O** kung naisagawa mo ang mga gawain at letrang **H** naman kung hindi.

1. Nakalikha ba ako ng disenyo mula sa pag-uulit at contrast na nagpapakita ng ritmo?
2. Napagsalit-salit ko ba ang malalaki at maliliit na mga bituin?
3. Naipakita ko ba sa aking iginuhit ang contrast sa hugis?
4. Nalagyan ko ba ng tamang kulay ang mga bituin?
5. Nakadama ba ako ng kasiyahan sa aking disenyong nabuo?



# Isaisip

**Panuto:** Basahin ang talata. Punan ang patlang ng angkop na salita mula sa loob ng kahon na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa papel.


Ang ___(1)___ ay nalilikha sa pamamagitan ng pag-uulit, pagsalit-salit at parayos-rayos na mga linya at hugis. Ang ___(2)___ ay maipakikita sa paggamit ng mapusyaw at madilim na kulay at ng maliit at ng malaking hugis. Ginagamit ang mga ___(3)___, ___(4)___ at ___(5)___ sa paglikha ng disenyo na nagpapakita ng ritmo at contrast.


| | |
|---|---|
| contrast | kulay |
| hugis | ritmo |
| linya | tekstura |


## *Isagawa*


**Panuto:** Sa papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Sa bawat bilang, isulat ang uri ng ritmong taglay ng mga sumusunod na larawan.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 


## *Tayahin*


**Panuto:** Sa papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Sa bawat bilang, gumuhit ng masayang mukha ( ☺ ) kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha ( ☹ )naman kung hindi.


1. Naipakikita ang contrast na kulay ng isang larawan kapag ginamitan ito ng madilim na kulay.
2. Ang ritmo ay nalilikha sa pamamagitan ng pag-uulit ng sunod-sunod, salit-salit, at parayos-rayos ng mga linya at hugis.
3. Ang mga linya, hugis at kulay ay ginagamit sa paglikha ng disenyo upang maipakita ang ritmo.
4. Ang paggamit ng mapusyaw at madilim na kulay, maliit at malaking hugis ay nakalilikha ng contrast.
5. Ang mga linya ng baitang sa hagdanan ay nagpapakita ng contrast.


## *Karagdagang Gawain*


**Panuto:** Sa papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Sa bawat bilang, lagyan ng tsek (√ ) ang larawang nagpapakita ng ritmo at ekis ( X ) naman kung hindi.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

# *Susi sa Pagwawasto*

**Pinatnubayang Gawain**

| Tasahin 2 | Tasahin 1 |
|---|---|
| 1. ♡ | 1. √ |
| 2. ♡ | 2. √ |
| 3. ♡ | 3. √ |
| 4. ♡ | 4. √ |
| 5. ♡ | 5. √ |

**Pang-unawa sa Binasa**

1. mapupusyaw at matitingkad na kulay
2. maliliit, malalaki, salit-salit na ayos
3. may paulit-ulit na linya
4. dahil ang disenyo ang nagpapaganda sa tahanan
5. sa pamamagitan ng pag-uulit, pagsasalit-salit, parayos-rayos na mga linya at hugis at paggamit ng matingkad at mapusyaw na kulay

**Isaisip**

1. C
2. D
3. B
4. C
5. B

**Balikan**

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**Pang-unawa sa Binasa**

1. √
2. X
3. √
4. √
5. X

**Tayahin**

1. ☹
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☹

**Isagawa**

1. salit-salit na ritmo
2. paulit-ulit na ritmo
3. parayos na ritmo
4. salit-salit na ritmo
5. paullit-ulit na ritmo

**Malayang Pagsasanay Tasahin 1**

1. ◇
2. ◇
3. ◇
4. ◇
5. ◇

**Malayang Pagsasanay Tasahin 2**

1. ○
2. ○
3. ○
4. ○
5. ○

# *Sanggunian*

Commons.deped.gov.ph. 2020. “K-to-12 MELCS with CG Codes”. Accessed July 2, 2020 <https://commons.deped.gov.ph/K-to-12-MELCS-with-CG-Codes.pdf>

K to 12 Curriculum Guide Arts Grade 2. 2016. DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City.

Lingayo, Marilyn O., Milagros O. Luang, and Milagros V. Referente. 2016. Pinagyamang MSEPK Tungo Sa Kaunlaran: Ritmo at Contrast. 144- 147. Philippines:St. Bernadette Publishing House Corporation.

Ramilo, Ronaldo V., Fe P. Pabilonia, Kristel Iris E. Igot and Marco A. Catacutan. 2013. Music, Art, Physical Education and Health- Ikalawang Baitang: Ritmo.216-224. Philippines: Rex Bookstore Inc.

Ramilo, Ronaldo V.,et al, 2013. Music, Art, Physical Education and Health- Teacher’s Guide. 132. Philippines: Department of Education-InstructionalMaterials Council Secretariat (DepEd-IMCS)

Stoqk International. 2020. “Sea Beach Wallpaper HD”. Accessed July 20, 2020. https://stoqk.com/sea-beach-wallpaper-hd-2/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph